



STATE OF WASHINGTON  
DEPARTMENT OF LICENSING  
PO Box 9020 • Olympia, Washington 98507-9020

<<Date>> (Format: Month Day, Year)

Activation Code: XXXXXX

<<First Name>> <<Last Name>>

<<Address>>

<<City>>, <<State>> <<Zip>>

**Tungkol sa: Mahalagang Abiso sa Seguridad ng Data mula sa Department of Licensing ng Washington**

Minamahal na <<First Name>> <<Last Name>>,

Natanggap mo ang liham na ito dahil mayroon kang lisensya sa negosyo o pampropesyonal na lisensya o nagbigay ka ng impormasyon sa Business and Professional License System (“B & P System”) na pinapatakbo ng Department of Licensing (“DOL”) ng Estado ng Washington. Ang B&P System ay may impormasyon para sa mga lisensyang ibinigay ng DOL at Lupon para sa Pagpaparehistro ng Mga Propesyonal na Engineer at Surveyor ng Lupa (Board of Registration for Professional Engineers & Land Surveyors, BRPLES).

Natukoy ng DOL na nalantad sa hindi awtorisadong aktibidad ang personal na impormasyon sa iyong talaan ng lisensya na nasa B&P System. Depende sa uri ng iyong lisensya, posibleng kasama sa nalantad na impormasyon ang iyong pangalan, e-mail address, numero sa social security, petsa ng kapanganakan, at/o numero ng lisensya sa pagmamaneho. Bagama't iniimbestigahan na namin kung paano ito nangyari, napakahalagang maibigay namin sa iyo kaagad ang abisong ito nang walang pagkaantala. Para matulungan kang protektahan ang iyong impormasyon, aalukin ka namin ng isang taong libreng pagsubaybay ng credit at mga serbisyo sa proteksyon mula sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

**Ano'ng Nangyari?**

Noong Enero 24, 2022, natukoy ng DOL na na-access nang walang pahintulot ang data mula sa B & P System. Agaran naming ini-offline ang B&P System at inalerto ang mga provider ng serbisyo na nauugnay sa pag-host sa B&P System. Nagpasimula kami ng masusing imbestigasyon tungkol sa kung paano ito nangyari, at kumuha kami ng eksperto sa cybersecurity na kinikilala sa buong bansa para magsagawa ng detalyadong forensic analysis.

Walang natukoy na kahina-hinalang aktibidad sa iba pang system na pinapatakbo ng DOL, pati sa system para sa lisensya ng mga driver at sasakyan, na sinusubaybayan nang mabuti sa kasalukuyan.

### **Ano ang Napasamang Impormasyon?**

Napag-alaman naming posibleng nakuha ng isang hindi awtorisadong indibidwal ang personal na impormasyon sa iyong pampropesyonal na lisensya o lisensya sa negosyo sa DOL. Depende sa uri ng iyong lisensya, posibleng kasama sa apektadong impormasyon ang iyong pangalan, e-mail address, numero sa social security, petsa ng kapanganakan, at/o numero ng lisensya sa pagmamaneho.

### **Ano ang Ginagawa Namin?**

Agarang ini-offline ng DOL ang B&P System para maprotektahan ang impormasyon ng mga may-ari ng pampropesyonal na lisensya at lisensya sa trabaho. Nakikipagtulungan kami sa aming mga provider ng serbisyo, sa Washington Technology Solutions (WaTech), at sa isang eksperto sa cybersecurity na kinikilala sa buong bansa sa pagsasagawa ng masusing imbestigasyon sa insidente. Kumikilos din ang mga tagapagpatupad ng batas. Tumutulong sa amin ang imbestigasyon na tukuyin ang pinagmulan ng hindi awtorisadong aktibidad at ang mga indibidwal na posibleng naapektuhan, nang sa gayon ay matulungan namin sila. May mga ipinapatupad kaming karagdagang pag-iingat para maprotektahan ang B&P System. Kapag ligtas at naangkop na, io-online ulit ang B&P System.

Para malimitahan ang epekto sa mga lisensyang nag-expire na sa panahon ng aming outage, awtomatiko naming aalisin ang lahat ng multa para sa nahuling paghahain hanggang Abril 1, 2022. Bukod pa rito, may mga inirerekomenda kaming protocol para mas mabilis na maproseso ang mga renewal na na-pause ng outage. Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa mga tanong sa nakabinbing lisensya, bisitahin ang aming website sa: [www.dol.wa.gov/outage](http://www.dol.wa.gov/outage).

### **Ang Inirerekomenda Namin**

Lubos naming pinapahalagahan ang seguridad ng personal na impormasyong ipinagkakatiwala sa amin ng mga licensee. Makakakita sa liham na ito ng mga partikular na tagubilin sa kung paano mag-sign up para sa pagsubaybay ng credit sa Experian, at hinihikayat ka naming gamitin ang produkto sa pagsubaybay at serbisyo sa pag-restore ng pagkakakilanlan ng Experian, na ibinibigay sa iyo nang libre.

Humihingi kami ng paumanhin para sa pagkabahala at abalang posibleng idulot ng usaping ito sa iyo. Kung mayroon kang anumang tanong, makipag-ugnayan sa aming call center sa [\(855\) 568-2160](tel:8555682160) Lunes-Biyernes 8:00 AM – 5:00 PM Pacific Time o bumisita sa [www.dol.wa.gov/outage](http://www.dol.wa.gov/outage).

Taos puso,

The Washington State Department of Licensing  
P.O. Box 9020  
Olympia, Washington 98507-9020

## **MGA SERBISYO SA PAG-RESTORE NG PAGKAKAKILANLAN—HINDI KAILANGANG MAG- ENROLL**

May magagamit ka kaagad na tulong sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Experian. Hindi mo kailangang mag-enroll. Kung sa palagay mo ay nagamit ang iyong impormasyon sa mapanlokong paraan bilang resulta ng insidenteng ito at kung gusto mong talakayin kung paano malulutas ang mga isyung ito, makipag-ugnayan sa isang ahente ng Experian. Maghandang magbigay ng **numero sa pakikipag-ugnayan** <<b2b\_text\_2(engagement number)>> bilang patunay ng pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan ng Experian.

Kung matutukoy, matapos talakayin ang iyong sitwasyon sa isang ahente, na kinakailangan ng suporta sa pag-restore ng pagkakakilanlan, may makikipagtulungan sa iyong ahente sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan ng Experian para masiyasat at malutas ang bawat insidente ng panloloko mula sa petsa ng insidente (na, kung naaangkop, tutulong sa iyong makipag-ugnayan sa mga grantor ng credit para ma-dispute ang mga singilin at maisara ang mga account; tutulong sa iyong i-freeze ang credit file mo sa tatlong pangunahing kawanihan para sa credit; at tutulong sa iyong makipag-ugnayan sa mga ahensya ng pamahalaan para ma-restore ang iyong pagkakakailanlan sa tamang kundisyon nito).

Pakitandaang magagamit mo ang serbisyo sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan sa loob ng isang taon mula sa petsa ng liham na ito, at wala kang kailangang gawin sa oras na ito. Makikita ang Mga Tuntunin at Kundisyon ng alok na ito sa [www.ExperianIDWorks.com/restoration](http://www.ExperianIDWorks.com/restoration) .

## **PAANO MAG-ENROLL SA EXPERIAN IDENTITYWORKS**

### **Paano Mag-enroll**

Hinihikayat ka naming i-activate ang mga tool sa pagtukoy ng panloloko na available sa pamamagitan ng Experian IdentityWorks bilang libreng isang taong membership. Magbibigay sa iyo ang produktong ito ng pagtukoy ng pagkakakilanlan at paglutas sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Para masubaybayan ang iyong personal na impormasyon, sundin ang mga hakbang na ito:

- Tiyaking **mag-e-enroll ka bago lumipas ang Mayo 24, 2022**. (Hindi na gagana ang iyong code pagkalipas ng petsang ito.)
- **Bisitahin ang** website ng Experian IdentityWorks para mag-enroll: <https://experianidworks.com/3bcredit>
- Ibigay ang iyong **activation code**: <<activation code s\_n>>
- Ibigay ang iyong **numero sa pakikipag-ugnayan**: <<b2b\_text\_2(engagement number)>>

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa produkto, kung kailangan mo ng tulong sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan na resulta ng insidente na ito, o kung gusto mo ng alternatibo sa pag-enroll sa Experian IdentityWorks online, makipag-ugnayan sa team ng suporta sa customer ng Experian sa 1-877-288-8057 bago lumipas ang **Mayo 24, 2022**. Maghandang magbigay ng numero sa pakikipag-ugnayan <<b2b\_text\_2(engagement number)>> bilang patunay ng pagiging kwalipikado sa mga serbisyo sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan ng Experian.

### **Mga Karagdagang Detalye Kaugnay ng Iyong Isang Taong Membership sa Experian Identityworks**

Hindi kailangan ng credit card sa pag-enroll sa Experian IdentityWorks. Puwede kang makipag-ugnayan kaagad sa Experian tungkol sa anumang isyu sa panloloko, at magkaroon ng access sa mga sumusunod na feature kapag nag-enroll ka sa Experian IdentityWorks:

- **Ulat ng credit sa Experian sa pag-sign up**: Alamin kung anong impormasyon ang nauugnay sa iyong credit file. Ang mga pang-araw-araw na ulat ng credit ay available lang sa mga online na miyembro.\*
- **Pagsubaybay ng Credit**: Aktibong sinusubaybayan ang mga file sa Experian, Equifax, at Transunion para sa mga indicator ng panloloko.

- **Pag-restore ng Pagkakakilanlan:** May mga available na espesyalista sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan na tutulong sa iyong matugunan ang panlolokong nauugnay at hindi nauugnay sa credit.
- **Experian IdentityWorks ExtendCARE™:** Makakatanggap ka ng suportang pareho sa antas ng suporta sa Pag-restore ng Pagkakakilanlan kapag natapos na ang iyong membership sa Experian IdentityWorks.
- **\$1 Milyong Insurance sa Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan\*\*:** Nagbibigay ng coverage para sa ilang partikular na gastusin at hindi awtorisadong **electronic** na pag-transfer ng pondo.

**MGA KARAGDAGANG HAKBANG NA  
MAKAKATULONG SA PAGPROTEKTA NG  
IYONG PERSONAL NA IMPORMASYON**

**Suriin ang Iyong Mga Account Statement at Abisuhan ang Mga Tagapagpatupad ng Batas Tungkol sa Kahina-hinalang Aktibidad:** Bilang pag-iingat, inirerekomenda naming manatili kang alerto at suriin mo nang mabuti ang iyong mga account statement at ulat ng credit. Kung may matutukoy kang anumang kahina-hinalang aktibidad sa isang account, dapat ay agaran mong abisuhan ang institusyon ng pananalapi o kumpanya kung nasaan ang account. Dapat ay agaran mo ring iulat ang anumang kahina-hinalang aktibidad o anumang pinaghihinalang insidente ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa mga naaangkop na awtoridad na tagapagpatupad ng batas, attorney general ng iyong estado, at/o Komisyon ng Pederal sa Pakikipagkalakalan (Federal Trade Commission, "FTC").

**Kopya ng Ulat ng Credit:** Puwede kang kumuha ng libreng kopya ng ulat ng credit sa bawat isa sa tatlong pangunahing ahensya para sa pag-uulat ng credit nang isang beses bawat 12 buwan sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.annualcreditreport.com/](http://www.annualcreditreport.com/), pagtawag nang toll-free sa 877-322-8228, o pagkumpleto sa Form para sa Paghiling ng Taunang Ulat ng Credit (Annual Credit Report Request Form) at pagpapadala nito sa Annual Credit Report Request Service, P.O. Box 105281, Atlanta, GA 30348. Puwede ka ring makipag-ugnayan sa isa sa sumusunod na tatlong pambansang ahensya para sa pag-uulat ng credit:

**Equifax**

P.O. Box 105851  
Atlanta, GA 30348  
1-800-525-6285  
[www.equifax.com](http://www.equifax.com)

**Experian**

P.O. Box 9532  
Allen, TX 75013  
1-888-397-3742  
[www.experian.com](http://www.experian.com)

**TransUnion**

P.O. Box 1000  
Chester, PA 19016  
1-877-322-8228  
[www.transunion.com](http://www.transunion.com)

**Alerto sa Panloloko:** Mainam na maglagay ka ng alerto sa panloloko sa iyong ulat ng credit. Libre ang paunang alerto sa panloloko at mananatili ito sa iyong credit file sa loob ng isang taon. Ipapaalam ng alerto sa mga creditor ang tungkol sa posibleng mapanlokong aktibidad sa iyong ulat at hihilingin nitong makipag-ugnayan muna sa iyo creditor bago siya gumawa ng anumang account sa pangalan mo. Para maglagay ng alerto sa panloloko sa iyong ulat ng credit, makipag-ugnayan sa alinman sa tatlong ahensya para sa pag-uulat ng credit na tinukoy sa itaas. Makakakita ng karagdagang impormasyon sa [www.annualcreditreport.com](http://www.annualcreditreport.com).

**Security Freeze:** May karapatan kang maglagay ng security freeze sa iyong credit file. Pipigilan nito ang pagbubukas ng bagong credit sa pangalan mo nang walang hayagang pahintulot mula sa iyo. Idinisenyo ang security freeze para pigilan ang mga potensyal na creditor na i-access ang iyong ulat ng credit nang walang pahintulot mo. Kaya naman puwedeng makaapekto o makaantala sa kakayahan mong kumuha ng credit ang paggamit ng security freeze. Dapat ay hiwalay kang maglagay ng security freeze sa iyong credit file sa bawat ahensya para sa pag-uulat ng credit. Walang bayad ang paglaglagay, pag-lift, o pag-aalis sa security freeze. Para makapaglagay ng security freeze, puwede kang atasang bigyan ang ahensya para sa pag-uulat ng consumer ng impormasyong nagbibigay ng iyong pagkakakilanlan, kasama ang iyong buong pangalan, numero sa Social Security, petsa ng

kapanganakan, mga dati at kasalukuyang address, kopya ng iyong card ng pagkakakilanlan mula sa estado, at bill ng utility, bank statement, o insurance statement kamakailan.

**Mga Karagdagang Libreng Resource:** Makakakuha ka ng impormasyon sa mga ahensya para sa pag-uulat ng consumer, FTC, o Attorney General ng iyong estado tungkol sa mga puwede mong gawin para maiwasan ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Puwede mong iulat ang pinaghihinalaang pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa lokal na tagapagpatupad ng batas, pati sa FTC o sa Attorney General ng iyong estado.

**Komisyon ng Pederal sa Pakikipagkalakalan (FTC):** Makakaugnayan ang FTC sa: 600 Pennsylvania Avenue NW, Washington, DC 20580; [www.identitytheft.gov](http://www.identitytheft.gov); 1-877-ID-THEFT (1-877-438-4338); and, TTY: 1-866-653-4261. Hinihikayat ng Komisyon ng Pederal sa Pakikipagkalakalan ang mga taong makakatuklas na nagamit ang kanilang impormasyon sa maling paraan na maghain sa kanila ng reklamo, gaya ng ipinapaliwanag sa kanilang website. Mayroon kang karapatang maghain ng ulat sa pulisya kung makakaranas ka ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko. Pakitandaang para makapaghain ng ulat sa tagapagpatupad ng batas para sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan, posibleng kailanganin mong magbigay ng ilang patunay na nabiktima ka. Dapat ding iulat ang mga natukoy na o pinaghihinalaan pa lang na pagnanakaw ng pagkakakilanlan sa tagapagpatupad ng batas at sa Attorney General ng iyong estado.

**Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit (Fair Credit Reporting Act, FCRA):** Mayroon kang mga karapatan alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit, gaya ng karapatang malaman kung nagamit laban sa iyo ang impormasyon sa iyong credit file, karapatang malaman kung ano ang nasa iyong credit file, karapatang malaman ang iyong credit score, at karapatang i-dispute ang hindi kumpleto o maling impormasyon. Bukod pa rito, alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit, dapat iwasto o i-delete ng mga ahensya para sa pag-uulat ng consumer ang mali, hindi kumpleto, o hindi nakukumpirmang impormasyon; hindi puwedeng mag-ulat ang mga ahensya para sa pag-uulat ng consumer ng lumang negatibong impormasyon; limitado ang access sa iyong file; may pahintulot mo dapat ang pagbibigay ng mga ulat ng credit sa mga employer; puwede mong limitahan ang mga “paunang na-screen” na alok ng credit at insurance na matatanggap mo batay sa impormasyon sa iyong ulat ng credit, at puwede kang humingi ng danyos sa mga lalabag nito. Posibleng may iba ka pang karapatan sa ilalim ng Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit na hindi nakabuod rito. May mga partikular na karagdagang karapatan, alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit, ang mga biktima ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan at mga tauhan sa militar na nasa active duty. Hinihikayat ka naming suriin ang iyong mga karapatan alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.consumerfinance.gov/f/201504\\_cfpb\\_summary\\_your-rights-under-fcra.pdf](http://www.consumerfinance.gov/f/201504_cfpb_summary_your-rights-under-fcra.pdf), o pagsulat sa Consumer Response Center, Room 130-A, Federal Trade Commission, 600 Pennsylvania Ave. N.W., Washington, D.C. 20580.

**Para sa mga residente ng California:** Puwede mong bisitahin ang Office of Privacy Protection ng California sa [www.oag.ca.gov/privacy](http://www.oag.ca.gov/privacy) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proteksyon laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

**Para sa mga residente ng Kentucky:** Puwede kang makipag-ugnayan sa Attorney General ng Estado sa Tanggapan ng Attorney General ng Kentucky, Frankfort, Kentucky 40601; 502-696-5300; o sa [www.ag.ky.gov](http://www.ag.ky.gov).

**Para sa mga residente ng Maryland:** Puwede kang makipag-ugnayan sa Attorney General ng Estado sa 200 St. Paul Place, 16th Floor, Baltimore, MD 21202; toll-free sa 1-888-743-0023; sa pamamagitan ng pagtawag sa (410) 576-6300; hotline para sa consumer (410) 528-8662; at online sa [www.marylandattorneygeneral.gov](http://www.marylandattorneygeneral.gov).

**Para sa mga residente ng New Mexico:** Mayroon kang mga karapatan alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit, gaya ng karapatang malaman kung nagamit laban sa iyo ang impormasyon sa iyong credit file, karapatang malaman kung ano ang nasa iyong credit file, karapatang malaman ang iyong credit score, at karapatang i-dispute ang hindi kumpleto o maling impormasyon. Bukod pa rito, alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit, dapat iwasto o i-delete ng mga ahensya para sa pag-uulat ng consumer ang mali, hindi kumpleto, o hindi nakukumpirmang impormasyon; hindi

puwedeng mag-ulat ang mga ahensya para sa pag-uulat ng consumer ng lumang negatibong impormasyon; limitado ang access sa iyong file; may pahintulot mo dapat ang pagbibigay ng mga ulat ng credit sa mga employer; puwede mong limitahan ang mga “paunang na-screen” na alok ng credit at insurance na matatanggap mo batay sa impormasyon sa iyong ulat ng credit, at puwede kang humingi ng danyos sa mga lalabag nito. Posibleng may iba ka pang karapatan sa ilalim ng Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit na hindi nakabuod rito. May mga partikular na karagdagang karapatan, alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit, ang mga biktima ng pagnakakaw ng pagkakakilanlan at mga tauhan sa militar na nasa active duty. Hinihikayat ka naming suriin ang iyong mga karapatan alinsunod sa Batas sa Patas na Pag-uulat ng Credit sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.consumerfinance.gov/f/201504\\_cfpb\\_summary\\_your-rights-under-fcra.pdf](http://www.consumerfinance.gov/f/201504_cfpb_summary_your-rights-under-fcra.pdf), o pagsulat sa Consumer Response Center, Room 130-A, Federal Trade Commission, 600 Pennsylvania Ave. N.W., Washington, D.C. 20580.

**Para sa mga residente ng North Carolina:** Puwede kang makipag-ugnayan sa Attorney General ng Estado sa 9001 Mail Service Center, Raleigh, NC 27699-9001, 1-877-566-7226 o 1-919-716-6400, [www.ncdoj.gov](http://www.ncdoj.gov). Makakakuha ka ng impormasyon sa Attorney General o Komisyon ng Pederal sa Pakikipagkalakalan tungkol sa pag-iwas sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

**Para sa mga residente ng Oregon:** Puwede kang makipag-ugnayan sa Attorney General ng Estado sa Department of Justice ng Oregon, 1162 Court Street NE, Salem, OR 97301-4096; 877-877-9392; at online sa <https://www.doj.state.or.us/>.